



# Coronavirus COVID-19

BC Centre for Disease Control | BC Ministry of Health



## Appendiks C: Halimbawa ng Pang-araw-araw na Pagsusuri sa Kalusugan

Ang sumusunod ay isang halimbawa ng pang-araw-araw na pagsusuri sa kalusugan upang malaman kung dapat kang pumasok sa paaralan sa araw na iyon.

Pang-araw-araw na Pagsusuri sa Kalusugan			
1. Mga Pangunahing Sintomas ng Sakit*	Mayroon ka bang anuman sa mga pangunahing sintomas?	BILUGAN ANG ISA	
	Lagnat	OO	HINDI
	Panginginig	OO	HINDI
	Ubo o lumalalang talamak na ubo	OO	HINDI
	Kakapusan ng hininga	OO	HINDI
	Pagkawala ng pangamoy o panlasa	OO	HINDI
	Pagtatae	OO	HINDI
	Pagduduwal o pagsusuka	OO	HINDI
2. Internasyunal na Paglalakbay	Ikaw ba ay bumalik mula sa pagbibiyaha sa labas ng Canada nitong mga huling 14 na araw?	OO	HINDI
3. Nakumpirmang Kontak	Ikaw ba ay isang kumpirmadong kontak ng isang taong nakumpiramng may COVID-19?	OO	HINDI

**Kung sumagot ka ng “OO” sa isa sa mga tanong na kabilang sa ilalim ng ‘Mga Pangunahing Sintomas ng Sakit’ (hindi kasali ang lagnat),** ikaw ay dapt manatili sa bahay ng 24 na oras mula sa pagsisimula ng sintomas. Kung ang mga sintomas ay bumuti, ikaw ay maaaring bumalik sa paaralan kapag sapat nang bumuti ang iyong pakiramdam. Kung ang sintomas ay nagpapatuloy o lumalala, humingi ng isang pagtatasa sa kalusugan.

**Kung sumagot ka ng “OO” sa dalawa o higit pa sa mga tanong na kabilang sa ilalim ng ‘Mga Sintomas ng Sakit’ o mayroon kang lagnat,** humingi ng isang pagtatasa sa kalusugan. Kabilang sa isang pagtatasa sa kalusugan ay pagtawag sa 8-1-1, o isang pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga tulad ng isang doktor o propesyunal na nars. Kung ang isang pagtatasa sa kalusugan ay kinakailangan, ikaw ay dapat na hindi bumalik sa paaralan hanggang ang COVID-19 ay naalis at ang iyong mga sintomas ay bumuti.



Ministry of Health



BC Centre for Disease Control

**If you have fever, a new cough, or are having difficulty breathing, call 8-1-1.**



Kailan inirerekomenda ang isang **COVID-19 na pagsusuri** ng pagtatasa sa kalusugan:

- Kung ang pagsusuri ng COVID-19 ay **positibo**, ikaw ay dapat manatili sa bahay hanggang sinabi ng iyong pampublikong kalusugan na tapusin ang paghihiwalay ng sarili. Sa karamihan ng mga kaso ito ay 10 mga araw pagkatapos ng pagsisimula ng mga sintomas. Ang pampublikong kalusugan ay makikipag-ugnay sa lahat ng may isang positibong pagsusuri.
- Kung ang pagsusuri ng COVID-19 ay **negatibo**, ikaw ay maaaring bumalik sa paaralan kapag ang mga sintomas ay bumuti at gumanda ang iyong pakiramdam. Ang mga sintomas ng mga karaniwang pangrespiratoryong sakit ay maaaring manatili para sa isang linggo o higit pa. Ang muling pagsusuri ay hindi kinakailangan maliban kung ikaw ay magkaroon ng isang bagong sakit.
- Kung ang isang COVID-19 na **pagsusuri ay inirekomenda ngunit hindi ginawa** dahil pinili mong hindi magpasuri, o ikaw ay hindi humingi ng isang pagtatasa sa kalusugan noong inirekomenda, at ang iyong mga sintomas ay hindi kaugnay sa isang dating nasuring kondisyon ng kalusugan, ikaw ay dapat manatili sa bahay mula sa paaralan hanggang ang 10 mga araw pagkatapos ng pagsisimula ng mga sintomas, at pagkatapos ay maaari ka nang bumalik kapag medyo maayos na ang iyong pakiramdam.

Kung ang isang pagsusuri ng COVID-19 ay hindi inirekomenda ng pagtatasa sa kalusugan, ikaw ay maaaring bumalik sa paaralan kapag ang mga sintomas ay bumuti at sapat nang maayos ang iyong pakiramdam. Ang pagsusuri ay maaaring hindi irekomenda kung matukoy ng pagtatasa na ang mga sintomas ay dahil sa ibang sanhi (ibig sabihin, hindi COVID-19).

Kung sumagot ka ng “OO” sa mga katanungan 2 o 3, gamitin ang [Kagamitan ng Sariling Pagsusuri para sa COVID-19](#) upang malaman kung kailangan mong humingi ng pagsusuri para sa COVID-19.

**Ang isang sulat ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (ibig sabihin, isang sulat ng doktor) ay hindi dapat kailanganin upang ikumpirma ang katayuan ng kalusugan ng sinumang indibidwal.**

---

September 17, 2020  
Halimbawa ng Pang-araw-araw na Pagsusuri sa Kalusugan  
Tagalog

